# Kataga ng Buhay

Pebrero 2020

**Kaagad sumagot nang malakas ang ama ng bata,**
**"Nananalig po ako! Tulungan Ninyo ako bagama't ako'y nagkulang."**
(Mc 9:24)

Papunta si Hesus sa Herusalem kasama ang Kanyang mga alagad. Inihanda na Niya sila para sa mahalagang pagkakataong ito: itatakwil Siya ng pamunuang relihiyoso, hahatulan Siya ng kamatayan ng mga Romano, ipapako sa krus at mabubuhay muli.

Para kay Pedro at sa iba pang mga alagad, lubhang mahirap unawain ito subalit tinulungan tayo ng Ebanghelyo ni Marcos upang unti-unting maunawaan ang misyon ni Hesus. Ang kahalagahan ng Kanyang paghihirap ang magiging daan tungo sa kaligtasan ng sangkatauhan.

Maraming nakatagpo si Hesus sa Kanyang paglalakbay. Siya ay bukas at malapit sa kanila kaya't naunawaan Niya ang kanilang mga pangangailangan. Dito ay tumutugon Siya sa isang amang nagmamakaawang pagalingin ang kanyang anak na may mabigat na karamdaman, marahil ay epilepsy.

Upang maganap ang isang milagro, hiniling ni Hesus sa ama na sumampalataya.

**Kaagad sumagot nang malakas ang ama ng bata,**
**"Nananalig po ako! Tulungan Ninyo ako bagama't ako'y nagkulang."**

Sumagot ang ama, malakas ang boses, sa harap ng maraming taong nakapaligid kay Jesus. Tila salungat ito sa Kanyang sinabi. Tulad natin, batid ng taong ito na marupok ang kanyang pananampalataya; mahirap para sa kanya ang ganap na magtiwala sa pagmamahal ng Diyos at sa plano para sa bawat anak Niya.

Subalit totoo rin na tayo ay pinagkatiwalaan ng Diyos at hindi Siya gagawa ng anumang bagay na wala tayong kontribusyon, kung wala ang ating malayang pag-ayon sa Kanya. Hinihiling Niya ang ating bahagi anumang liit nito. Nais Niyang makilala natin ang Kanyang tinig sa ating konsyensya, magtiwala sa Kanya, at sa gayon ay magsimulang magmahal.

## Kaagad sumagot nang malakas ang ama ng bata, “Nananalig po ako! Tulungan Ninyo ako bagama’t ako’y nagkulang.”

Malaking bahagi ng ating kultura ang nagtuturo na kailangang makipagtunggali sa lahat ng paraan upang makamit ang tagumpay.

Subalit kabaligtaran ang ipinapahayag ng Ebanghelyo - kilalanin ang ating kahinaan, limitasyon at karupukan bilang unang hakbang sa ating pakikipag-ugnay sa Diyos. Makibahagi sa Kanya sa pinakadakilang hamon ng buhay - ang pagkakaisa ng sangkatauhan bilang isang pamilya.

Sa buong buhay Niya, itinuro ni Hesus ang paglilingkod at ang pagpili sa “pinakamababang” lugar.  Ito ang pinakaangkop na pwesto upang panibaguhin ang tila pagkatalo at sa gayon ay magtagumpay, isang pangmatagalang tagumpay at para sa lahat, hindi panandalian at pangsarili lamang.

## Kaagad sumagot nang malakas ang ama ng bata, “Nananalig po ako! Tulungan Ninyo ako bagama’t ako’y nagkulang.”

Ang pananampalataya ay isang biyaya.  Maaari at dapat nating laging hingin ito upang makatulong tayo sa Diyos na mabigay ng pag-asa sa iba.

Isinulat ni Chiara Lubich, ang nagtatag ng Focolare Movement: *“Ang maniwala at makadama na tayo ay sinusubaybayan at minamahal ng Diyos ay nangangahulugan na ang bawat dasal, ang bawat pangyayari, ito man ay maganda, masama o kakaiba, bawat pagkakasakit, anumang bagay ... ay nakikita ng Diyos.  Kung ang Diyos ay Pag-ibig, lubos tayong magtitiwala sa Kanya.  Kaya’t malimit natin Siyang kakausapin upang sabihin ang ating mga hinaing at mga balak sa buhay. Maaari nating ipaubaya ang ating sarili sa Kanyang pagmamahal, nakasisiguro na tayo ay mauunawaan, lilingapin at tutulungan. ... Masasabi natin sa Kanya, “Panginoon, hayaan mo akong manatili sa Iyong pagmamahal. Huwag Mong pahintulutan na kahit sa isang saglit ay hindi ko madama, makita at malaman sa pamamagitan ng pananampalatayo o karanasan, na mahal mo ako at lahat ng tao.”  Sa gayon, makakapagpatuloy tayong magmahal. Dahil sa pagmamahal, ang ating pananampalataya ay magiging matatag at matibay. Hindi lamang tayo maniniwala sa pag-ibig ng Diyos. Madarama rin natin ito sa ating puso at mamamalas natin ang maraming “himala” sa ating paligid.”* [i]

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

Distributed in Japan by Focolare: www.focolare.org/en • www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com • Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 • Nagasaki: 095-849-3812

[i] C. Lubich. Word of Life October 2004